



Santa Clara County  
**PUBLIC  
HEALTH**

# MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA DIREKTIBA



## Pagbiyahe

**Inilabas Nobyembre 28, 2020**

[sccgov.org/coronavirus](https://sccgov.org/coronavirus)

Binago: Disyembre 15, 2020

# County ng Santa Clara

## Departamento ng Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan  
976 Lenzen Avenue, 2<sup>nd</sup> Floor  
San José, CA 95126  
408.792.5040



### MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA DIREKTIBA SA PAGBIYAHE

**\*Mangyaring kumpirmahin ang pagsunod sa Kautusan ng Estado. Kung may pagkakaiba sa pagitan ng lokal na Kautusan ng County at ng Kautusan ng Estado, dapat na sundin ang mas mahigpit na kautusan. Mayroon din ang Estado ng partikular na patnubay para sa ilang mga aktibidad na dapat sundin bilang karagdagan sa mahigpit na ipinapatupad na direktiba na ito.\***

Ang impormasyon tungkol sa Kautusan ng Estado at sa patnubay ng Estado ay makikita sa [covid19.ca.gov](https://www.covid19.ca.gov).

**Inilabas: Nobyembre 28, 2020**  
**Epektibo: Nobyembre 30, 2020 sa 12:01 a.m.**  
**Huling Binago: Disyembre 15, 2020**

***Dahil sa mga makabuluhang pagdami ng mga kaso ng COVID-19 at nauugnay na mga na-oospital sa buong Estados Unidos, sa Estado ng California, at sa loob ng Santa Clara County, ang Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba na ito sa Pagbiyahe ay may bisa hanggang sa ito ay matanggal o mabago.***

Ang Direktibang ito ay nagtatakda ng mga panuntunan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County para sa pagkuwarantina pagkatapos ng pagbiyahe. Ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 ay tumataas habang bumibiyaha ang mga tao sa loob at labas ng Santa Clara County at nakikipagsalamuha sa mga tao mula sa ibang mga sambahayan at ibang mga komunidad, lalo na sa pagbiyahe sa mga rehiyon na may makabuluhang pagkalat ng COVID-19. Upang mabawasan ang panganib na ito, itinatag ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County ang mahigpit na ipinapatupad na direktiba na ito na nauugnay sa pagbiyahe. Nalalapat ang Direktibang ito sa lahat ng pagbiyahe sa Santa Clara County, sa mga residente man o hindi residente.

Ang Direktibang ito ay **mahigpit na ipinapatupad**, at ang kabiguan na masunod ito ay paglabag sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan na inilabas noong Oktubre 5, 2020 ("Kautusan").

#### ***Hindi Hinihikayat Ang Pagbiyahe***

1. *Hindi hinihikayat ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County ang pagbiyahe, lalo na para sa mga hindi mahalagang layunin.*

- a. Dahil ang pagbiyahe ay nagsasangkot ng paghahalo sa pagitan ng mga rehiyon at sambahayan, at dahil sa maraming mga lugar sa Estado at Estados Unidos ay kasalukuyang nakakaranas din ng mga makabuluhang pagdami ng mga kaso ng COVID-19, hindi hinihikayat ang pagbiyahe at dapat na mabawasan.
- b. Sa partikular, ang di-mahalagang pagbiyahe (ibig sabihin, pagbiyahe para sa paglilibang o para sa di-mahalagang negosyo) ay mariing hindi hinihikayat at dapat na ipagpaliban hanggang humupa ang kasalukuyang pagdami ng mga kaso at na-oospital sa COVID-19.

***Mahigpit na Ipinapatupad na Pagkuwarantina pagkatapos ng Malayong-Distansya na Pagbiyahe sa Santa Clara County***

2. *Mga Kinakailangan sa Pagkuwarantina*

- a. Maliban kung natukoy sa Direktibang ito, ang lahat ng mga taong bumibiyaha sa Santa Clara County, kahit na sa pamamagitan ng eroplano, kotse, tren, o anumang iba pang mga paraan, nang direkta o hindi direkta mula sa isang pinanggalingan na higit sa 150 na milya mula sa mga hangganan ng County ay dapat magkuwarantina sa loob ng 10 na araw sa kanilang pagdating.
- b. Para sa mga hangarin ng Direktibang ito, ang "pagkuwarantina" ay nangangahulugan nang pananatili sa bahay o iba pang lugar ng pansamantalang tirahan nang hindi nakikipagsalamuha sa sinumang tao maliban sa mga miyembro ng sariling pangunahing bumibiyaheng partido o ng sariling sambahayan.
- c. Ang impormasyon, mga mapagkukunan, at patnubay sa pagkuwarantina, kabilang ang mga rekomendasyon sa kung kalian magpasuri at kung ano ang gagawin kapag may positibong resulta ng pagsusuri, ay makikita sa [www.sccstayhome.org](http://www.sccstayhome.org).

3. *Mga Nakabukod sa Mahigpit na Ipinapatupad na Pagkuwarantina.*

- a. [Mga lisensyadong propesyonal sa healthcare](#), tulad ng natukoy sa Kautusan, at lahat ng mga taong nagtatrabaho sa mga ospital ng acute care, ay hindi kailangang magkuwarantina kasunod ng pagdating.
- b. Ang mga taong bumibiyaha lamang para sa layunin ng pagsagawa ng mahalagang gawain ng gobyerno, tulad ng tinukoy ng ahensya ng gobyerno na responsable para sa gawain na iyon, ay hindi kailangan na magkuwarantina kasunod sa pagbiyahe na iyon.

- c. Ang mga sumusunod na tao ay kinakailangang magkuwarantina, ngunit maaaring lamang umalis sa kanilang tahanan o lugar ng pagkuwarantina para magtrabaho:
  - i. Ang mga taong nagsasagawa ng mahalagang gawain ng gobyerno, tulad ng tinukoy ng entidad ng gobyerno na responsable para sa mga gawain na iyon, na ang layunin para sa pagbiyahe ay hindi napapailalim sa seksyon 3(b), ngunit hanggang kung tinukoy lamang ng entidad ng gobyerno na mawawalan ito ng sapat na tauhan upang matugunan ang mahalagang gawain na iyon.
  - ii. Ang mga taong bumibiyahe lamang para sa hangarin ng pagsagawa ng [trabaho sa mahalaga at kritikal na imprastraktura](#), tulad ng tinukoy ng Opisyal ng Pamublikong Pangkalusugan ng Estado, ngunit hanggang kung tinukoy lamang ng employer na mawawalan ito ng sapat na tauhan upang maisagawa ang mahalagang trabaho na iyon.
- d. Ang mga taong bumibiyahe lamang sa Santa Clara County at hindi magdamag na nananatili ay hindi kinakailangan na magkuwarantina.
- e. Ang mga taong bumibiyahe sa Santa Clara County upang kumuha ng mga serbisyo sa Pasilidad ng Healthcare, na natukoy sa Kautusan, ay kinakailangang magkuwarantina sa pagdating, ngunit maaaring umalis sa kanilang sambahayan o sa lugar ng pagkuwarantina upang makuha ang mga serbisyo na iyon.
- f. Ang mga taong kailangan magkuwarantina alinsunod sa Direktibang ito ay maaaring umalis sa kanilang sambahayan o sa lugar ng pagkuwarantina hanggang sa ito ay kailangan upang sumunod sa isang kautusan ng korte o para pumunta sa isang pagdinig sa korte o sa administrasyong paglilitis.

***Kinakailangan sa Pag-abiso para sa mga Pasilidad ng Pagbibiyah***

***4. Mga Kinakailangan sa Pag-abiso***

- a. Lahat ng mga pasilidad ng pagbibiyah, kabilang ngunit hindi limitado sa mga paliparan, istasyon ng tren, mga istasyon ng bus, at iba pang mga pasilidad kung saan regular na bumibiyahe ang mga tao sa Santa Clara County ay dapat tumiyak na ang isang kopya ng Direktibang ito ay ibibigay sa bawat pasahero sa kanilang pagdating mula sa pinagmulan nang higit sa 150 na milya mula sa mga hangganan ng County.

- b. Lahat ng mga pasilidad ng pagbibiyaha ay dapat magpaskil ng mga abiso na mdaling makita sa paraan na ang lahat ng mga taong pumupunta sa mga pasilidad na iyon ay magkaroon ng kamalayan sa mga kinakailangan ng Direktibang ito. Ang mga abiso ay nakahanda para mai-print at mai-post [dito](#).

***Manatiling may Kaalaman***

Para sa mga sagot sa mga madalas na katanungan tungkol sa mga limitasyon sa kapasidad at iba pang mga paksa, mangyaring tingnan ang [pahina ng FAQ](#). **Mangyaring tandaan na ang Direktibang ito ay maaaring ma-update.** Para sa pinakabagong impormasyon sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, bisitahin ang website ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County sa [www.sccgov.org/coronavirus](http://www.sccgov.org/coronavirus).